Pangalan: ______________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

**Pagwawakas ng Kuwento Gamit ang Dating Kaalaman**

**I. PANUTO:** Bilugan ang titik ng tamang sagot sa mga sumusunod na katanungan.

**Si Mutyang Mapangarapin**

ni Lorna B. Castillo

Nag-uusap ang mag-inang Nene at Mutya. Nagkaroon si Mutya ng karamdaman noong siya ay bata pa kaya't hindi na siya makalakad nang maayos. Gumagamit na lamang siya ng saklay.

**Mutya:** Inay, sa darating na linggo ay kaarawan ko na. Labing-isang taong gulang na ako! Maaari ba tayong magkaroon ng munting salusalo at anyayahan ang mga dati kong kamag-aral?

**Aling Nene:** Oo, Mutya. Iyan din sana ang sorpresa ko sa iyo. Anyayahan mo rin sina Nira at Paula, ang matatalik mong kaibigan.

**Mutya:** Naku, ang saya-saya ko po! Salamat po. Makakausap ko na sila. Nais ko silang tanungin tungkol sa pag-aaral ng piyano dahil matagal na silang nag-aaral nito. Mayroon na silang kani-kaniyang pagtatanghal.

**Aling Nene:** Maganda iyan, anak. Natutuwa ako at patuloy mong hinahangad na matupad ang iyong pangarap.

**Mutya:** Gusto kong matutong tumugtog at maging isang magaling na piyanista.

**Aling Nene:** Tama iyan, patuloy kang mangarap. Huwag kang mawawalan ng pananalig sa Lumikha. Kahit may kapansanan ay may pag-asa kang tuparin ang iyong pangarap.

1. Alin sa sumusunod ang angkop na wakas ng kuwento batay sa mga pangyayaring inilahad?
   a. Kumuha siya ng kursong edukasyon. Hindi nagtagal, siya ay naging isang magaling na guro.
   b. Dahil sa kaniyang mga naging karanasan, kumuha siya ng kursong abogasya at naging isang mahusay na abogado.
   c. Nang pumunta siya sa ospital upang magpatingin, nakakilala siya ng isang doktor. Naging magkaibigan sila at nang tumagal ay naging magkasintahan.
   d. At simula nga noon, nag-aral tumugtog ng piyano si Mutya. Hindi nagtagal, naging magaling siyang piyanista at nakatanggap ng maraming karangalan sa larangan ng pagtugtog ng piyano.

2. Alin sa sumusunod ang angkop na wakas ng pagdiriwang ng kaarawan ni Mutya?
   a. Naging masaya si Mutya sa kaniyang kaarawan. Dumating ang kaniyang malalapit na kaibigan.
   b. Dumating ang mga kaibigan ni Mutya sa kaniyang kaarawan. Ngunit ayaw siyang kausapin ng mga ito.
   c. Nagalit ang mga kaibigan ni Mutya sa simpleng salusalong inihanda para sa kanila.
   d. Hindi dumating ang kaniyang mga kaibigan. Lubhang nalungkot si Mutya.

**Ang Sakim na Aso**

May isang sakim na aso na laging ninanakawan ng pagkain ang isang inosenteng tuta. Isang araw ay gala nang gala ang aso sa paghahanap ng tutang maaari niyang maloko. Isang tutang may dala-dalang pata ng karne ang nakasalubong nito. Agad sinunggaban ng ganid na aso ang pagkaing kagat-kagat ng tuta. Ang aso ay nagtatakbo palayo. Palingon-lingon ito dahil nag-aalala na baka may mas malaking asong umagaw ng sakmal niyang pata. Sa pag-iingat, hindi ito dumaan sa kakahuyan. Doon siya nagdaan sa makitid na tulay papuntang sapa.

Habang binabagtas ang tulay, nakita niya ang sarili sa sapa. Sa pagaakalang higit na malaki ang patang sakmal ng asong nakita niya ay tinakot niya at tinahulan. Sa kaniyang pagtahol ay nabitawan niya ang pata at nahulog ito sa tubig. Sisinghap-singhap ang ganid na aso sa panghihinayang.

– https://www.wikakids.com/

3. Alin sa sumusunod ang kabuoang ideya ng napakinggang kuwento?
   a. Lahat ng nagsisikap sa buhay ay umaasenso.
   b. Kailangang madiskarte ka sa buhay, kung hindi, matatalo ka.
   c. Hindi baleng manlamang ng kapuwa, basta masunod ang gusto mo.
   d. Kapag hindi ka marunong makontento sa kung ano ang mayroon ka, mas maraming mawawala sa iyo.

4. Alin sa sumusunod ang angkop na wakas ng kuwento batay sa mga pangyayaring inilahad?
   a. Nag-alaga na lang ng mga tuta ang sakim na aso.
   b. Simula noon, hindi na nang-agaw pa ng ibang pagkain ang sakim na aso.
   c. Nang-agaw pa rin ng pagkain ang sakim na aso pero hindi na siya dumaan sa sapa.
   d. Nagpalaki ng katawan ang sakim na aso upang mas marami pang aso ang matakot sa kaniya.

5. **Baguhin ang pangyayari habang binabagtas ng sakim na aso ang tulay malapit sa sapa.**
Ano ang angkop na wakas para dito?
   a. Nadulas ang sakim na aso sa tulay at nalunod.
   b. Nagalit ang tutang inagawan niya ng pata at inabangan siya sa tulay.
   c. May nakasalubong siyang mas malaking aso.
   d. Naglaban sila hanggang makuha sa kaniya ang pata.

**II. PANUTO:** Basahin at unawain ang mga sumusunod na talata. Pagkatapos ay sumulat ng maaaring maging wakas ng kuwento. Isulat ang iyong sagot sa inilaang patlang bawat bilang.

6. Aksidenteng nabunggo ni Jonathan ang mamahaling plorera ng kanyang ina nang nais niyang isaksak ang *charger* ng kanyang cellphone. Maghahapon na nito nang mangyari, pauwi na ang kanyang ina.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

7. Pangarap na talaga ni Len ang tumulong sa kapuwa lalo na sa mga matatanda. Kaya naman laking tuwa niya nang magkaroon ng proyekto ang kanilang barangay na naglalayong tumulong sa mga kabarangay nilang nawalan ng tahanan dahil sa nangyaring sunog malapit sa kanila.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

8. Subsob sa pag-aaral si Jingky para sa nalalapit na markahang pagsusulit sa kanilang paaralan. Tinitiyak niyang wala siyang naiwang hindi nabasang paksa na tinuro ng kanyang guro.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

9. Ang mga tao ay hindi na natuto. Panay pa rin ang tapon ng basura kung saan-saan lalo na sa mga estero at malabis na rin ang pagkakalbo natin sa mga kagubatan.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

10. Ang mga Pilipino ay mga masisipag at mapagmalasakit na mga indibidwal. Kaya naman ang taga-ibang bansa ay nahuhumaling sa Pilipinas. Ngunit ang kinikita rito sa Pilipinas ay hindi sapat sa mga pangangailangan ng bawat pamilyang Pilipino; kung hindi sapat lang, minsan ay kulang pa.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________